Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng LUMBAN
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-28 NG ENERO, 2019 SA GANAP NA IKA-09:45 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. PEDRO S. ABE | -----------Pansamantalang Tagapangulo ng Sesyon |
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | ----------- Kagawad |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. MARIA AURELIA E. QUIJANO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROMELIO E. LADUB | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |

**DI-NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo (Nasa Opisyal na Gawain) |
| KGG. JOHNDELL A. SAMONTE | ----------- Kagawad |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHAN BLG. 03 T. 2019**

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KINATAWAN NG IKA-APAT NA DISTRITO NG LALAWIGAN NG LAGUNA, KGG. BENJAMIN C. AGARAO JR. NG HALAGANG SAMPUNG MILYONG (P10, 000,000.00) PISO NA ILALAAN SA PAGPAPAGAWA NG PAROLA (LIGHT HOUSE).**

Akda ni: **KGG. IRENEO R. BALDOVINO**

**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Lumban ay kulang sa kakayahang-pinansiyal para sa mga pagawaing pang-kaunlaran at pang-turismo;

**SAPAGKAT,** isa sa mga layunin ng Pamahalaan Bayan ng Lumban ay ang mai-angat ang turismo nang sa gayon ay mapabilang sa mga bayan na kilala sa larangan ng turismo;

**SAPAGKAT,** kung magkakaroon ng parola (light house) sa bukana ng ilog, lawa ng Laguna ay maaaring maging atraksyon sa mga turista at pagsimulan ng pag-angat ng turismo tulad ng Lalawigan ng Batanes na dinarayo ng mga turista ang parola.

**SAPAGKAT,** malaki rin ang maitutulong nito sa mga mangingisda dahil magsisilbing palatandaan ang ilaw nito sa gabi upang maging gabay;

**SAPAGKAT,** ang Bayan ng Lumban ay isa sa may malawak na ilog, at pinakamahaba sa Lalawigan ng Laguna, at sa dulo nito ang bukana at lawa kung saan dito ilalagay ang parola (light house) na magiging atraksyon sa mga turista.

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni **Kgg. Ireneo R. Baldovino** na pinangalawahan ni Kgg. Romelio E. Ladub at Kgg. Sheryll Tablico-Gaurino at sinang-ayunan ng mga Kagawad na dumalo, ay;

**IPINASIYA** tulad nang dito'y ginawang **PAGPAPASIYA** na mapitagang hilingin sa Kinatawan ng ika-apat na Distrito ng Lalawigan ng Laguna, Kgg. Benjamin C. Agarao Jr. ng halagang sampung milyong (P10, 000,000.00) piso na ilalaan sa pagpapagawa ng parola (light house).

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTIBAY** ngayong ika-28 ng Enero, 2019.

**PINATUTUNAYAN KO ANG KAWASTUAN AT KATUMPAKAN NG KAPASIYAHANG ITO.**

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**PEDRO S. ABE**
Kagawad/Pansamantalang Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*Xcrpt012819res03*